

OCEANAGOLD

# OUR CODE of Conduct

## Ang ating Code of Conduct



Nobyembre 2024

# CONTENTS


## MENSAHE MULA SA CEO 4

## PAGSASABUHAY NG ATING CODE 6

ANG ATING MGA PINAHAHALAGAHAN (VALUE) AT ANG ATING MGA 'SANGKAP NG TAGUMPAY' 8
MGA INAASAHAN NATIN SA ISA'T ISA 10
PAGGAWA NG MGA DESISYON 12
PAGDUDULOG NG ALALAHANIN 14

## PAGTUTULUNGAN 18

PAGSASAMA 20
KATARUNGAN/PAGKAKAPANTAY-PANTAY AT RESPETO/PAGGALANG 22
KALIGTASAN 24
KALUSUGAN & PANGKALAHATANG KAPAKANAN 26

## PAGTATRABAHO KASAMA ANG IBANG TAO 28

MGA KOMUNIDAD 30
KALIKASAN 32
MGA KARAPATANG PANTAO 34
MGA KATUTUBO 36
ANG ATING MGA SUPPLIER 38
GOBYERNO AT LIPUNANG SIBIL 40
PANLABAS NA PAKIKIPAG-USAP 42

## PAGTATRABAHO NA MAY INTEGRIDAD 44

KORUPSYON AT PAGLILINLANG 46
PAGBIBIGAY AT PAGTANGGAP 48
MGA NAGLALABANG INTERES (CONFLICTS OF INTEREST) 50
PATAS NA KOMPETISYON (FAIR COMPETITION) 52
PRIBADO AT PERSONAL NA IMPORMASYON 54
ANG MGA ARI-ARIAN NATIN 56
PANLOOB NA IMPORMASYON (INSIDER INFORMATION) 58

# MENSAHE MULA SA CEO

Sa OceanaGold, nagmimina tayo ng ginto para sa isang mas magandang kinabukasan. Ang ating layunin ay maging isang kumpanya na pinaniniwalaan ng lahat, na nais nilang pagtrabahuhan, maging kasosyo, pagtustusan, at pamuhunanan upang lumikha ng halaga.

Ipinagmamalaki ko ang trabahong ginagawa natin at kung paano tayo nagsusumikap na gawin ito. May mga operasyon tayo sa iba't ibang bahagi ng mundo, na kung saan ang bawat operasyon natin ay may sariling kasaysayan at katangian. Ang nag-uugnay sa atin ay ang ating mga Pagpapahalaga *(Values)* sa trabaho: Ang Pangangalaga *(Care)*, Respeto *(Respect)*, Integridad *(Integrity)*, Paggawa *(Performance)*, at Bayanihan *(Teamwork)* ay nasa gitna ng ating pagkakakilanlan at kung paano natin ito isinasakatuparan.

Araw-araw, sinusubukan ko na isakatuparan ang ating mga Pagpapahalaga *(Values)* sa abot ng aking makakaya. Kung hindi ko ito nasusunod, inaasahan ko – at nais ko – na ako ay pagsabihan. Ito rin ang hinihingi ko sa inyong lahat ng nasa OceanaGold: gawing bahagi ng iyong trabaho ang ating mga Pagpapahalaga *(Values)*, pag-usapan at tumindig para sa mga ito kung ito ay hindi nasusunod.

Tayo ay nagnanais pumasok sa ating trabaho na alam nating ligtas tayo atiginagalang, tinatrato tayo nang patas, at nagagawa natin ang tama para sa ating sarili at sa iba.

Kapag isinabuhay natin ang ating mga Pagpapahalaga *(Values)*, tayo ay may:

- **PANGANGALAGA** para sa isa't-isa, sa kapaligiran, at sa ating lokal na komunidad.
- **RESPETO** at pakikinig sa isa't-isa at pagtanggap sa ating pagkakaiba-iba sa lahat ng aspeto.
- **INTEGRIDAD,** paggawa ng tama at pagtanggap ng pananagutan upang maisakatuparan ang ating mga pangako.
- **PAGGAWA,** nagsusumikap para sa kahusayan sa pamamagitan ng pag-aaral, patuloy na pagpapabuti at pagbabago.
- **BAYANIHAN,** pagkamit ng magagandang resulta kapag lahat tayo ay nag-aambag at nagtutulungan.

Ang ating *Code of Conduct* ay naglalayong gabayan tayo sa paggawa natin ng mga desisyon at ito ay sumusuporta sa ating mga Pagpapahalaga (Values). Mangyaring sundin ang ating *Code of Conduct* sa lahat ng oras at kung hindi kayo sigurado, o tila may hindi tama, hinihiling ko sa inyo na idulog ang inyong alalahanin – hindi ito laging madali, ngunit kritikal ito sa ating tagumpay.



**Gerard Bond**
President and CEO


OCEANAGOLD
GERARD BOND

# PAGSASABUHAY NG ATING CODE

**Ang ating *Code of Conduct* ang pinagmumulan ng ating pagkakakilanlan at kung paano tayo nagtatrabaho.**

Nagtulungan ang mga tao sa OceanaGold para buuhin ang ating *Code of Conduct* upang maipakita nito ang ating inaasam na kultura at inaasahang pag-aasal.

Ito ay naaangkop sa lahat ng tao sa OceanaGold: mga direktor, mga empleyado, mga kontraktor, at kung sinumang kumikilos sa ngalan natin. Lahat tayo ay kailangang umunawa at magsabuhay nito sa ating pang-araw-araw na trabaho.

Ang pagdudulog ng alalahanin kapag may nakitang hindi tama ay bahagi rin ng pagsunod sa ating *Code*. Kabilang dito ang agarang pagpuna sa mga maling bagay at paninindigan para sa ating mga Pagpapahalaga *(Values)*.





Ang paglabag sa ating *Code of Conduct* ay maaaring humantong sa ng malubhang kahihinatnan – maaari nitong makompromiso ang ating kaligtasan, sirain ang tiwalang binuo natin sa ating komunidad at sa isa't isa, at makaapekto sa ating ginagawa. Ang paglabag sa ating *Code of Conduct*, mga patakaran o batas, ay maaaring magresulta sa pagdidisiplina kabilang ang pagkatanggal sa trabaho.

Malugod naming tinatanggap ang anumang mungkahi galing sa inyo kung paano nating bibigyang buhay ang ating *Code*, dahil pagmamay-ari nating lahat ang ating *Code*. Mangyaring makipag-ugnayan sa **business.integrity@oceanagold.com**

## Sa seksyong ito, makakahanap ka ng impormasyon tungkol sa sumusunod:

- Ang ating mga Pagpapahalaga (Values) at mga 'Sangkap ng Tagumpay'
- Ang Ating mga Inaasahan sa Isa't Isa
- Paggawa ng mga Desisyon
- Pagdudulog ng alalahanin

# Ang ating mga pinahahalagahan (value) at ang ating mga ‘Sangkap ng Tagumpay’

## ATING MGA PAGPAPAHALAGA *(VALUES)*

### PANGANGALAGA

Pinangangalagaan natin ang kaligtasan, kalusugan, at kabutihan ng ating mga tao, ng kapaligiran, at ng lokal na komunidad.

### RESPETO

Iginagalang at pinapakinggan natin ang isa’t isa, at tinatanggap ang pananaw at pagkakaiba-iba ng bawat isa.

### INTEGRIDAD

Ginagawa natin ang tama, at tinatanggap ang responsibilidad at pananagutan upang maisakatuparan ang ating mga pangako.

### PAGGAWA

Nagsusumikap tayo upang lalo pa nating mapahusay ang ating mga sarili sa pamamagitan ng pag-aaral, pagpapabuti, at inobasyon.

### BAYANIHAN

Nakakamit natin ang magagandang resulta sa pamamagitan ng pagtutulungan at pagbibigay kontribusyon ng bawat isa.

**ANG ATING CODE OF CONDUCT** ay sumusuporta sa atin upang isabuhay ang ating mga Pagpapahalaga (Values) at matamo ang ating Layunin ng pagmimina ng ginto para sa isang mas magandang kinabukasan.

**ANG ATING BISYON** ay maging isang kumpanyang pinagkakatiwalaan, hinahangad na makatrabaho at makatuwang, tustusan at pamuhunanan, upang lumikha ng halaga."

Kapit-kamay na nagtatrabaho ang ating **LAYUNIN (PURPOSE) AT MGA PAGPAPAHALAGA (VALUES)** upang gabayan ang ating isinasakatuparang pang-indibidwal at pang-Kumpanyang aksyon upang isabuhay ang ating Layon.

## TAYO AY MAGTATAGUMPAY KUNG TAYO:

- ay **bukas at nagtitiwala,** nakikipag-usap at nagbabahagi ng kaalaman
- ay **inspirado** at **nagkakaisa** sa mga pinagkasunduang layunin
- **ay nag-iisip tulad ng mga negosyante** upang ligtas at responsableng makamit ang produksyon, mabawasan ang gastos at pataasin ang kita
- **ay nagdudulog ng alalahanin, nag-aambag at kumikilos**
- ay disiplinado sa **pagpapatakbo ng operasyon** at mahusay na ginagawa ang mga pangunahing bagay
- **ay nag-uudyok, nagtuturo, at nagdiriwang** sa mga kontribusyon at tagumpay ng mga tao



# Mga inaasahan natin sa isa't isa

## ARAW-ARAW, GINAGAWA NATING...

Ilagay ang ating mga Pagpapahalaga, Sangkap ng Tagumpay at ating Code sa gitna ng lahat ng ating ginagawa.

Tratuhin ang bawat isa nang patas, may pag-mamalasakit  at paggalang.

Mag-ingat para sa kaligtasan natin at ng mga taong kasama natin sa trabaho.

Gumawa/Kumilos ng may integridad at sa pagpapasya sa trabaho na nakabubuti para sa OceanaGold.

Sundin ang mga patakaran, pamantayan at pamamaraan.

Magdulog ng alalahanin kung hindi sigurado o kung mayroong parang hindi tama.

Humingi ng tulong kung kailangan natin ng higit pang impormasyon upang mas mahusay nating magawa ang ating trabaho.



Sa bawat pagkakataon na nakikipag-ugnayan tayo sa iba't ibang tao sa lugar ng trabaho, nakaka-ambag tayo sa kultura ng ating lugar.

## KAPAG TAYO'Y NAMUMUNO, TAYO RIN AY:

**NAMAMAHAGI**

Tulungan ang ating pangkatat ang iba pa na maunawaan ang ating Code, mga patakaran, pamantayan, pamamaraan at inaasahang pag-uugali.

**NANGANGALAGA**

Itaguyod ang isang kapaligiran kung saan ramdam ng lahat na kasama at ligtas sila upang magdulog ng alalahanin nang walang takot na sila ay tatratuhin nang hindi patas.

**KUMIKILOS**

Seryosong harapin ang anumang pagkabahala sa pamamagitan ng pakikinig, mabilisang pagtugon nang may paggalang, at pagpapataas ng isyu nang naaangkop.

**NAGPAPAHUSAY**

Maghanap ng mga pagkakataon upang pagbutihin ang ating sariling kakayahan at ng ating mga pangkat.



# Paggawa ng mga desisyon

## MERON BA AKONG SAPAT NA IMPORMASYON?

- Mayroon ba akong kaalaman, pagsasanay at mga kagamitan na kailangan ko?
- Kailangan ko bang humingi ng gabay o suriin ang aming mga pamantayan o pamamaraan?
- Gumagawa ba ako ng mga pagpapalagay?

## DAPAT KO BANG GAWIN ITO? / BAKIT KO GINAGAWA ITO?

- Isinasabuhay ko ba ang ating mga Pagpapahalaga *(Values)* at mga Sangkap ng Tagumpay?
- Nakakaramdam ba ako ng presyon, pagod, o pagmamadali?
- Kailangan ko bang idulog ang aking alalahanin o humingi ng tulong?



Dapat palagi tayong kumikilos nang may Integridad at magpasya ayon sa ikabubuti ng OceanaGold. Maaaring kabilang dito ang mga desisyong ginagawa natin sa ating personal na buhay na maaaring makaapekto sa katrabaho natin o sa reputasyon ng OceanaGold.

Upang matulungan tayong gumawa ng mabubuting desisyon, dapat nating gamitin ang ating mga Pagpapahalaga *(Values)* at Sangkap ng Tagumpay upang gabayan tayo.

Ang ating Code ay nagsisilbing gabay sa ating trabaho, ngunit hindi nito kayang saklawin ang bawat sitwasyon. Kapag nahaharap sa isang desisyong hindi ka sigurado, tanungin ang iyong sarili ng mga sumusunod na tanong.

## ANO ANG MAAARING MANGYARI PAG GUMAWA AKO NG GANITONG DESISYON?

- Maaari bang may mga hindi inaasahang kahihinatnan, hal. para sa mga indibidwal, komunidad, kapaligiran o kaligtasan?
- Maaari bang sumalungat ang desisyon na ito sa interes ng OceanaGold o makaaapekto sa ating reputasyon?

## PAANO ITO MAAARING MAKITA NG IBA?

- Maaari ba itong makita nang mali o hindi etikal?
- Magiging maayos ba ang pakiramdam ko kung alam ng iba ang tungkol sa desisyon at mga aksyon na ito?
- Kailangan ko bang ipaliwanag ang mga inaasahan at pamantayan ng OceanaGold sa mga kasangkot?

Maglaan ng oras upang isaalang-alang ang mga tanong na ito, at kung hindi ka sigurado, tumigil at mag-isip bago kumilos. Maaari kang humingi ng tulong kung kailangan mo ito.

# Pagdudulog ng alalahanin




## BAKIT MAHALAGANG IDULOG ANG ALALAHANIN?

Ang pag-iwas sa isang insidente ay maaaring makapagligtas ng buhay, makapagbigay proteksyon sa ating mga komunidad at makapagbigay alaga sa mga Pagpapahalaga *(Values)* at reputasyon ng OceanaGold.

Ang tamang pagtugon sa isang insidente ay makakatulong sa atin na matuto mula dito, maayos ang mga bagay-bagay at magpabuti.

Sa OceanaGold hinihikayat natin ang mga tao na idulog ang kanilang alalahanin – isa ito sa ating mga pangunahing 'Sangkap ng Tagumpay'.

Lahat tayo ay may responsibilidad na isulong ang isang ligtas, etikal, at magalang na lugar ng pagtatrabaho. Kung may makita tayong sitwasyon na hindi ayon dito, importanteng sabihin ito.

## KAILAN DAPAT IDULOG ANG IYONG ALALAHANIN?

### SA SANDALING IYON

Sa tuwing nakikita, naririnig o nararanasan mo ang isang bagay na tila hindi tama, mainam na idulog ang iyong alalahanin sa sandaling ito.

### KINALAUNAN

Ngunit kahit na lumipas na ang sandaling iyon mangyaring idulog mo pa rin ang iyong alalahanin. Kung alam mo o pinaghihinalaan mo ang isang paglabag sa ating Code, mga patakaran o batas, magsalita ka.

### HINDI KA SIGURADO

Kung hindi ka sigurado kung problema ang isang bagay, dapat mo pa ring idulog ang iyong alalahanin. Hindi mo kailangang maging tama; kailangan mo lang magkaroon ng mga makatwirang batayan.

# Pagdudulog ng alalahanin

## PAANO KA MAGDUDULOG NG ALALAHANIN?

1

Para sa maliliit na mga isyu, mainam na sabihin/ipaalam ito sa taong nasasangkot.

2

Kung hindi ka komportableng gawin iyon o mas seryoso ang bagay na ito, maaari mong itaas ito sa:

- Iyong *supervisor*
- *Supervisor* ng iyong *supervisor*

3

Maaari ka ring makipag-ugnayan sa mga sumusunod:

- Isang tao sa *People and Culture team*
- Isang tao sa *Legal*
- Isang *Whistleblower Protection Officer*, o
- *Business Integrity team*
- Isang miyembro ng *Executive Leadership Team*

Maaari mong iulat ang iyong pagkabahala sa isang potensyal na maling pag-uugali anumang oras sa **codehotline.oceanagold.com** – ang ating kumpidensyal at indipindyenteng-pinapangasiwaang *hotline.*

Kinikilala natin na hindi palaging madaling magdulog ng alalahanin. Poprotektahan natin ang mga taong magdudulog ng alalahanin tungkol sa potensyal na maling pag-uugali - kung may pagkakataon na naramdaman mong nag-iba ang pagtrato sa iyo dahil sa pagsasalita, makipag-ugnayan sa *Business Integrity team* upang ikaw ay masuportahan.

Magkakaiba ang bawat sitwasyon at may pagkakaiba rin kung paano ito tratuhin, depende sa kung ano ito at paano ka magdudulog ng iyong alalahanin.

## TANDAAN

**PAGNILAYAN**

Kung may kumausap sa iyo tungkol sa iyong mga salita o kilos, maglaan ng oras upang intindihin ang kanilang pananaw, pag-isipan ito at matuto mula rito.

**PANGANGALAGA/ PAGMAMALASAKIT**

Kung may mag-ulat ng alalahanin sa iyo, makisimpatya. Siguraduhin na ramdam nila na sila ay pinakikinggan at kung naaangkop ay idulog ang alalahanin/pag-aalala sa naaangkop na mga channels/ pamamaraan.

**ALAGAAN**

Kung ikaw ay isang tagapamahala ng tao, maglaan ng oras upang matutunan kung paano harapin ang mga alalahanin at pagyamanin ang isang kultura ng pagdudulog ng alalahanin.

### Kailangan ng tulong?

Para sa higit pang detalye tungkol sa kung paano mag-ulat at kung paano pinangangasiwaan ng OceanaGold ang mga alalahanin, pumunta sa ating Code website:

# PAGTUTULUNGAN

## Saan man tayo naroon at anuman ang ating ginagawa, inaalagaan/pinagmamalasakitan natin ang isa't isa.

Sa OceanaGold, ang ating mga tao ay nagsasagawa ng daan-daang mga tungkulin araw-araw. Ang bawat tungkulin ay mahalaga upang matulungan tayong makamit ang ating parehong layunin (shared goals).

Kahit saan man tayo naroroon at anuman ang ating ginagawa, kung tayo'y sama-samang nagta-trabaho, pinangangalagaan natin ang kaligtasan, kalusugan at kapakanan ng bawat isa.

Itinuturing natin ang bawat isa nang may paggalang at pagkapantay-pantay at pinapanatili ang tamang pokus upang makamit ang ating mga layunin.





Makikita mo sa seksyong ito ang mga impormasyon tungkol sa:

- Pagsasama
- Katarungan/Pagkakapantay-pantay at Respeto
- Kaligtasan
- Kalusugan at Pangkalahatang Kabutihan

# PAGSASAMA

Sa OceanaGold, gusto nating maramdaman ng lahat na sila ay kabilang at tinatanggap, kasama at ginagalang.

## BAKIT ITO MAHALAGA?

Upang tayo'y magtagumpay, kailangan natin ng isang lugar ng trabaho na may pagkakaiba, may lugar para sa lahat, at patas.

Tayo ay nagmula sa iba't ibang mga pinanggalingan. Kapag ramdam natin na tayo ay tinatanggap, kasama at iginagalang sa kung sino tayo, maaari tayong magsalita nang malaya, makinig at umunawa. Ang pagkakaiba-iba ay isang kalakasan; ito ay tumutulong sa atin na lumikha ng mga bagong ideya at makahanap ng mas mabuting mga paraan sa paggawa ng mga bagay. Ang isang organisasyon na may pagkakaiba ay magbibigay-daan sa mga tao na higit pang magbukas at mabigyan sila ng kumpiyansa na mag-ambag sa organisasyon.

PAGTUTULUNGAN



## PAANO TAYO DAPAT UMASAL

- Tratuhin ang lahat nang patas/pantay, pare-pareho at magalang.
- Isipin kung paano tinatanggap ng iba ang ating mga salita at kilos.
- Kilalanin at ipagdiwang ang mga tao para sa kanilang kontribusyon at tagumpay.
- Aktibong makinig upang matuto mula sa mga pananaw at karanasan ng iba.
- Bigyan ng mga pagkakataon ang mga tao na malayang magsalita at ibahagi ang kanilang mga ideya.
- Tanggapin ang mga pagkakaiba.
- Idulog ang alalahanin kung nakakakita tayo ng isang taong trinatrato nang hindi patas.
- Maging halimbawa ng mga asal na isinasama ang lahat at magsalita tungkol sa kahalagahan ng pagkakaiba-iba, pagiging patas at pagsama sa lahat.



## MGA DAPAT BANTAYAN

- Agarang paghuhusga sa mga tao batay sa kanilang hitsura, pananaw, at pagkilos.
- Pagtanggap o pagsama lamang ng mga taong katulad natin sa pananaw at hitsura.
- Hindi pagkilala sa pagsusumikap/pagsisikap o pagkamit ng mga layunin ng isang tao.
- Pagsabad, pagsalita nang walang konsiderasyon, o hindi pagpansin sa ibang tao.

## MAGING MAUSISA. TANUNGIN ANG SARILI...

**IPARATING**
Pwede ba ako gumawa nang higit pa upang ipakita sa aking mga kasamahan na pinapahalagahan ko sila at ang aking trabaho kasama sila?

**IPAHAYAG**
Bukas ba akong nagpapahayag?

**PAG-AALAGA**
Gumagamit ba ako ng magalang at inclusive na wika?

**MAKINIG**
Kapag may isang nagbabahagi ng kanilang ideya sa akin, ako ba'y talagang nakikinig upang maintindihan sila?

**Kailangan ng tulong?**

Humingi ng tulong sa *People & Culture Team* o pumunta sa:

# KATARUNGAN/PAGKAKAPANTAY-PANTAY AT RESPETO/PAGGALANG

Pinagmamalasakitan at iginagalang natin ang bawat isa, nagdudulog ng alalahanin kung may hindi tama at sinusuportahan natin ang ibang tao kapag sila rin ay naninindigan.

## BAKIT ITO MAHALAGA?

Lahat tayo'y gustong maramdaman na tayo ay ligtas, kabilang at nirerespeto sa trabaho. Lahat tayo ay maaaring makapag-ambag sa paglikha ng isang lugar ng trabaho kung saan ang lahat ay nakararamdam nito.

Ang *sexual harassment*, pambu-bully at hindi patas na pagtrato ay walang lugar sa OceanaGold.

Pinipili natin ang ating pagkilos. Paano tayo nakikipag-usap, nakikipagbiruan, nakikisama at kumikilos, lahat ay nakakaapekto sa kultura sa trabaho. Gayundin ang ating pagtanggap sa iba.

PAGTUTULUNGAN



## PAANO TAYO DAPAT UMASAL

- Isipin ang mga saloobin, damdamin at pananaw ng ibang tao.
- Unawain kung paano maaaring makita, maramdaman at marinig ang discrimination at vilification, harassment at *sexual harassment*, at *bullying* at *victimisation* at violence/karahasan – at alamin na hindi natin ito ginagawa.
- Kung nararamdaman natin na tayo ay ligtas at komportable, gumalaw tayo kapag tayo ay nakararanas, nakakakita o nakaririnig ng hindi tamang gawi o materyales.
- Alagaan at tulungan ang  mga taong apektado ng hindi tamang gawi.
- Kapag may nagsabi  sa atin tungkol sa ating mga salita o aksyon, maglaan ng panahon upang pag-isipan, unawain, at matuto mula sa kanilang pananaw.
- Maging huwaran ng mga tamang gawi at propesyunal na relasyon sa trabaho.

## MGA DAPAT BANTAYAN

- Ang pagpapahintulot sa masamang gawi dahil sa estado ng tao tulad ng seniority sa trabaho, impluwensya sa komunidad, katandaan o dahil sinasabi na siya ay isang *"high performer".*
- Hindi pagtitiyak kung okay ang isang tao kapag nakikita mo silang nalulungkot o nahihirapan.
- Pagtrato nang hindi patas sa isang tao dahil hindi sila tumugon nang maayos sa iyong biro o hindi sumasang-ayon sa iyong opinion.
- Sadyang hindi pagbibigay sa mga tao ng lahat ng impormasyong kailangan nila upang ligtas at epektibong matugunan ang mga inaasahan ng kanilang trabaho.
- Pagiging *dismissive*/walang konsiderasyon o paggamit ng mga salitang *patronising.*
- Hindi pagpansin kung paano tumutugon ang mga tao sa iyong mga salita o kilos.

## MAGING MAUSISA. TANUNGIN ANG SARILI...

**PIGILIN ANG SARILI**

Naiintindihan ko ba kung ano ang mga katanggap-tanggap na hangganan sa trabaho? / Masyado ba akong pamilyar sa mga kasamahan sa aking pagsasalita at pagkilos?

**UNAWAIN**

Gumagawa ba ako ng hindi patas na paghuhusga tungkol sa isang tao? Nasuri ko na ba ang lahat ng katotohanan?

**RESPETO**

*Consistent* ba ako sa kung paano ko tinatrato ang lahat, anuman ang kanilang pinanggalingan?

**Kailangan ng tulong?**

Humingi ng tulong sa *People & Culture Team* o pumunta sa:

# KALIGTASAN


Ang kaligtasan ay responsibilidad ng lahat. Nais nating makauwi ang lahat na ligtas at maayos araw-araw.

## BAKIT ITO MAHALAGA?

Ang bawat tao ay may karapatang magtrabaho sa isang ligtas na kapaligiran. Lahat tayo ay may responsibilidad na mag-ambag at lumahok sa ating kulturang pangkaligtasan. Nangangahulugan ito na tinitingnan natin ang kaligtasan ng ating sarili at ng bawat isa.

Pinahahalagahan natin ang kaligtasan ng ating mga manggagawa at gusto nating maabot nila ang kanilang buong potensyal. Kaya, nagsusumikap kaming magbigay ng ligtas na mga kondisyon sa pagtatrabaho. At patuloy kaming naghahanap ng mga paraan upang mabawasan ang potensyal na pisikal at sikolohikal na pinsala.

PAGTUTULUNGAN



## PAANO TAYO DAPAT UMASAL

- Aktibong mag-ambag sa pagpapabuti ng kaligtasan sa trabaho.
- Siguraduhing tayo ay malusog para sa pang araw-araw na trabaho, mayroon tayong sapat na lakas at emosyonal na kakayahan, at hindi nasa impluwensya ng droga o alak.
- Maglaan ng oras upang masuri ang kaligtasan ng gawaing ginagawa o sinisimulan natin.
- Idulog ang alalahanin kung hindi tayo sigurado tungkol sa kaligtasan ng isang bagay o isang tao.
- Suportahan ang mga taong nasugatan o may sakit.
- Sumunod sa mga lokal na batas at regulasyon sa kaligtasan.
- Habang naglalakad, huwag lampasan ang isang bagay na sa tingin natin ay maaaring makapagdulot ng pinsala sa mga tao.
- Iulatang mga potensyal na panganib, hindi ligtas na mga kondisyon at kasanayan sa trabaho.

## MGA DAPAT BANTAYAN

- Pagiging kampante – 'Nagawa ko na ito ng isang libong beses' o '*15 years* na ako dito'.
- Hindi nakikinig o nakikibahagi sa pagsasanay.
- Paggawa ng mga desisyon tungkol sa kaligtasan ng mga tao nang wala sila -hindi pagtatanong sa mga taong aktwal na gumagawa ng trabaho patungkol sa kanilang trabaho at mga paraan upang mapabuti ito.
- Ang pagtanggap sa status quo at pag-iisip na ang isang isyu ay problema ng ibang tao, o na may ibang mag-uulat ng potensyal na peligro o hindi ligtas na kasanayan sa trabaho.
- Umaasa lamang sa ibang tao, sistema, kontrol at kagamitan para pamahalaan ang ating personal na kaligtasan.

## MAGING MAUSISA. TANUNGIN ANG SARILI...

**MAG-ISIP**

Ito ba ang pinakaligtas na paraan upang gawin ang gawaing ito?

**MAGTANONG**

Ano ang maaaring mangyaring mali?

**KUMILOS**

Dapat ba akong makialam o may sabihin?

**Kailangan ng tulong?**

Humingi ng tulong sa *Health & Safety Team* o pumunta sa:

# KALUSUGAN AT PANGKALAHATANG KAPAKANAN

Lahat tayo ay may responsibilidad na isaalang-alang ang ating kalusugan at pangkalahatang kapakanan *(wellbeing)* ng bawat isa. Nais nating makauwi ang lahat nang malusog at maayos araw-araw.

## BAKIT ITO MAHALAGA?

Ang mga kondisyon sa pagtatrabaho at ang mga pangangailangan sa trabaho ay maaaring pagmulan ng stress at makakaapekto sa kalusugan at pangkalahatang kapakanan *(wellbeing)*. Ang pagbibigay sa ating manggagawa ng isang kapaligiran na mental at pisikal na sumusuporta sa kanila ay mahalaga para sa mga indibidwal, kanilang mga pamilya at sa komunidad.

Ang ating mga aktibidad ay may potensyal na isapanaganib ang mga tao sa mga sangkap, sitwasyon, at pag-uugali, sa kasalukuyang oras at sa paglipas ng panahon, na maaaring magdulot ng pinsala, kaya sinusubaybayan namin ang aming mga lugar ng trabaho at lokal na komunidad upang pamahalaan at bawasan ang aming epekto sa kalusugan at pangkalahatang kapakanan ng mga tao.

PAGTUTULUNGAN



## PAANO TAYO DAPAT UMASAL

- Sa ating pagtratrabaho, isaalang-alang ang kalusugan at pangkalahatang kapakanan *(wellbeing)* ng ating mga manggagawa at iba pa.
- Maglaan ng oras upang kumonekta sa mga miyembro ng ating pangkat.
- Magbigay ng mga serbisyo na nakatutulong sa kalusugan at pangkalahatang kapakanan *(wellbeing)* ng ating mga manggagawa.
- Magbigay ng impormasyon, edukasyon at pagsasanay, pati na rin pagsubaybay sa mga potensyal na panganib sa trabaho at sa komunidad.
- Unawain ang papel na ginagampanan ng kaligtasan sa lugar ng trabaho sa kalusugan at pangkalahatang kapakanan *(wellbeing)* ng mga tao.
- Makilahok sa mga estratehiya at programa upang matukoy, maintindihan at mabawasan ang pagkakalantad sa mga panganib sa kalusugan sa trabaho.
- Suportahan ang mga may pangmatagalang pisikal at sikolohikal na kondisyon upang makatulong sa kanilang ligtas na pagbabalik sa trabaho.



## MGA DAPAT BANTAYAN

- Pagbabalewala o hindi pag-unawa sa mga potensyal na pagkakalantad sa panganib sa ating lugar ng trabaho.
- Nakikita ang isang taong nahihirapan ngunit walang ginagawa para tulungan o suportahan sila.
- Ang walang kamalayan sa diskriminasyon at pagbubukod dahil sa mga pag-uugali at saloobin.
- Paglalagay ng hindi kinakailangang *pressure* sa ating sarili o sa ating mga pangkat.
- Ibinubukod ang isang tao dahil hindi kasingtulad sa itsura, katulad mo pag-iisip o pagkilos.

## MAGING MAUSISA. TANUNGIN ANG SARILI...

**TUMULONG** — Bilang isang pinuno, sinusuportahan ko ba ang aking pangkat?

**MAKINIG** — Nakikinig ba talaga ako? Naiintindihan ko ba?

**SURIIN** — Mayroon ba akong mga tamang gamit o tool para gawin ang aking trabaho kabilang na ang pagsasanay at kagamitan?

**Kailangan ng tulong?**


Humingi ng tulong sa *Health & Safety Team* o pumunta sa:

# PAGTATRABAHO KASAMA ANG IBANG TAO

**Ang ating Pagpapahalaga at ang ating *Code of Conduct* ay nalalapat sa kung paano tayo nakikipagtulungan sa mga tao sa labas ng OceanaGold, tulad ng nalalapat ang mga ito sa kung paano tayo nagtutulungan.**

Sa OceanaGold, nakikipagtrabaho tayo sa iba't ibang tao at organisasyon na hindi bahagi ng Kumpanya.

Maaaring sila ay mga *supplier*, miyembro ng komunidad o maaari silang nakikipagtulungan sa isang regulator o iba pang ahensya ng gobyerno. Kung sino man sila, dapat natin silang tratuhin na may parehong paggalang at integridad tulad ng pagtrato natin sa isa't isa.





Sa bahaging ito makikita mo ang impormasyon sa:

- Mga Komunidad
- Kalikasan
- Karapatang Pantao
- Mga Katutubo
- Mga Supplier Natin
- Gobyerno at Lipunan Sibil
- Panlabas na komunikasyon

# MGA KOMUNIDAD

Nagsusumikap tayong lumikha ng isang positibong pamana sa mga komunidad kung saan tayo ay may operasyon sa pamamagitan ng pagbuo ng mga relasyon at pakikipagsosyo na naghahatid ng mga napapanatiling (sustainable) resulta.

## BAKIT ITO MAHALAGA?

Ang ginagawa natin ay may potensyal na baguhin ang mga komunidad. Maaari tayong maging positibong puwersa, na nagpapabuti ng kabuhayan at nakalilikha at nagbabahagi ng mga oportunidad

Nais nating maging mabuting kapitbahay at nakatuon sa responsableng pagkilos at paggalang sa mga lokal na kultura.

PAGTATRABAHO KASAMA ANG IBANG TAO



## PAANO TAYO DAPAT UMASAL

- Makinig at tumugon nang malinaw, magalang, at nakikipagtulungan.
- Magsikap na makilala ang mga lokal na komunidad at subukang maunawaan ang kanilang mga interes at inaasahan pati na rin ang mga epekto ng ating ginagawa.
- Igalang ang iba't ibang kultura kabilang ang kanilang kaugnayan sa lupa, tubig, at likas na yaman.
- Magbigay sa mga komunidad ng isang malinaw *(transparent)* at naa-access na proseso para sa mga alalahanin, reklamo, at mga karaingan.
- Igalang ang impormasyong ibinigay ng ating mga komunidad.
- Magbigay ng kaukulang pagsasanay sa mga taong nakikipag-ugnayan sa mga komunidad.

## MGA DAPAT BANTAYAN

- Hindi pakikinig o paggalang sa mga pananaw ng komunidad.
- Gumagawa ng mga pagpapalagay o pagpapasya sa ngalan ng mga komunidad nang hindi ito sinusubukan o naidudulogsa kanila.
- Hindi nauunawaan ang ating mga pagkiling (bias) o isinasaalang-alang ang mga pamantayang pangkultura ng mga komunidad.
- Isaalang-alang ang mga potensyal na pangalawang epekto *(secondary impacts)* ng ating mga aktibidad – ang mga maaaring mangyari sa kalaunan o sa ibang lugar kabilang na ang mga pagbabago sa buhay ng mga tao, lokal na yaman o mapagkukunan *(resources)* at imprastraktura.
- Ang ating pakikipag-ugnayan ay hindi binalak o naukulan ng karampatang resourceat hindi nagbibigay ng halaga sa komunidad.
- Hindi pagsunod sa ating mga pamantayan at kinakailangan bago tayo mag-alok o mag-apruba ng mga *sponsorship* o donasyon.
- Hindi pagkakaroon ng mga tamang proseso para angkop na masubaybayan at matugunan ang mga isyu o alalahanin ng komunidad.

## MAGING MAUSISA. TANUNGIN ANG SARILI...

**IPAALAM** – Sapat na ba ang alam ko tungkol sa mga lokal na komunidad? Hal. kung paano gumagawa ng mga desisyon ang lokal na komunidad at kung ano ang gusto ng komunidad para sa hinaharap.

**PAGNILAYAN** – Alam ko ba ang mga positibo at negatibong epekto ng aking trabaho sa iba bago ko simulan?

**MAG-ARAL** – Mayroon ba akong tamang pagsasanay para makipag-ugnayan sa mga komunidad?

**SURIIN** – Awtorisado ba akong kumatawan sa OceanaGold sa mga kaganapan sa komunidad o sa mga pampublikong *forum?*

### Kailangan ng tulong?

Humingi ng tulong sa *External Affairs and Social Performance* o *Community Relations teams* o pumunta sa:

# KALIKASAN

Tayo ay nangangako sa responsableng pamamahala sa kalikasan at nagsusumikap na protektahan ang kalikasan.

## BAKIT ITO MAHALAGA?

Ang kalikasan ang syang sumusuporta sa buhay. Lahat tayo ay umaasa sa likas na yaman tulad ng malinis na tubig, hangin at produktibong lupa. Lahat tayo ay may responsibilidad na pigilan at bawasan ang pinsala sa kalikasan.

Naiintindihan natin ang mga epekto at hamon sa kalikasan ng ating mga aktibidad. Sa bawat yugto ng ating operasyon, hinahangad natng iwasan, bawasan, i-*rehabilitate* at i-*offset* ang ating epekto sa pamamagitan ng pag-iingat sa mga likas na yaman, pagbabawas ng mga basura at mga emisyon, pag-iwas sa pinsala sa kalikasan at pangangalaga sa mga ecosystem.

Nakikipagtulungan tayo sa ating mga komunidad at mga *stakeholder* upang lumikha ng mga pagkakataong mapahusay ang mga resultang pangkapaligiran at kapaki-pakinabang sa kalidad ng tubig, kabuhayan, at *biodiversity.*

## PAANO TAYO DAPAT UMASAL

- Huwag kailanman balewalain ang isang bagay na sa tingin natin ay maaaring magdulot ng pinsala sa kalikasan/kapaligiran.
- Sumunod sa mga permit, sa mga hinihingi ng batas *(legislative requirements)* at mga pangako.
- Iulat ang mga panganib at insidente sa kapaligiran.
- Sikaping pamahalaan ang ating mga panganib sa kalikasan at bawasan ang mga epekto sa kalikasan.
- Makipag-ugnayan sa ating mga *stakeholder* upang matulungan tayong maunawaan ang ating mga epekto sa kanila at ang kanilang mga inaasahan.
- Isaalang-alang ang ating *profile* ng *greenhouse gas emission* sa pagpaplano ng ating mga operasyon hal. pagbili ng mga bagong kagamitan.

PAGTATRABAHO KASAMA ANG IBANG TAO



## MGA DAPAT BANTAYAN

- Paglilinis ng lupa nang walang tamang awtoridad o pahintulot mula sa mga kinauukulan.
- Hindi pangangasiwa o pagsubaybay sa mga imbakan ng *tailings.*
- Hindi pagkokonsidera sa *mine closure* mula pa sa simula at sa panahon ng operasyon.
- Hindi pagkakaroon ng sapat na mga kontrol upang maiwasan ang polusyon o pagka-ubos ng tubig.
- Hindi tamang pag-iimbak o pangangasiwa sa mga mapanganib na sangkap na nagdudulot ng pinsala sa kalikasan at kaligtasan ng tao.
- Hindi pagkumpleto ng karampatang pagsasanay o pagpupursiging maintindihan ang ating potensyal.

## MAGING MAUSISA. TANUNGIN ANG SARILI...

**IPAALAM**
Mayroon ba tayong tamang pahintulot upang gawin itong aktibidad?

**PAGNILAYAN**
Makadudulot ba ng pinsala ang aking mga aksyon sa kalikasan? At kung gayon, ano ang mga ginawa ko upang maibsan ito?

**ALAMIN**
Mayroon bang mga pangkalikasang control na naisagawa o nailagay? Kailangan ko bang ilipat, palitan o baguhin ang mekanismong pang-kontrol?

**MANIGURADO**
Alam ba natin kung paano tumugon sa isang insidente sa kalikasan?

**Kailangan ng tulong?**
Humingi ng tulong sa Environmental team o pumunta sa:

# MGA KARAPATANG PANTAO

Nangangako tayong igagalang ang mga karapatang pantao sa lahat ng ating pakikipag-ugnayan.

## BAKIT ITO MAHALAGA

Ang bawat tao'y may karapatang pantao – kabilang dito ang karapatan sa buhay pampamilya, pakikilahok sa pulitika at pagpili ng relihiyon, marami pang iba.

Ang ating mga aktibidad, at ng ating mga *supplier,* ay nakakaapekto sa mga tao saan man tayo may operasyon. Maaaring kabilang sa mga positibong epekto ang pagbibigay ng ligtas na lugar ng trabaho, pagbabayad sa mga empleyado ng patas na sahod at pagpapabuti ng access sa edukasyon at pangangalagang pangkalusugan *(health care)* sa mga komunidad. Kinikilala din natin na ang mga mahinang desisyon ay maaaring magkaroon ng mga negatibong epekto at sinisikap nating pigilan ang mga ito o ayusin ang mga ito kung sakaling mangyari ang mga ito.

Kami ay nakatuon sa paggalang sa mga karapatang pantao ng lahat ng taong direkta at hindi direktang naaapektuhan ng aming mga operasyon. Lahat tayo ay may tungkulin sa pagtataguyod ng mga karapatang pantao at pagtukoy ng mga potensyal na panganib sa karapatang pantao.

PAGTATRABAHO KASAMA ANG IBANG TAO

## PAANO TAYO DAPAT UMASAL

- Tratuhin ang mga tao na may paggalang at kagandahang asal.
- Maglaan ng oras upang maunawaan kung ano ang ibig sabihin ng karapatang pantao.
- Magsalita kapag nakakita ng mga pag-uugali o sitwasyon na nagbabanta sa karapatang pantao.
- Makinig at matuto mula sa ating mga *stakeholder* upang maunawaan kung paano nakakaapekto sa kanila ang ating mga desisyon.
- Sa ating mga aktibidad, sundin ang ating mga proseso sa paggalang sa mga karapatang pantao.
- Kumpletuhin ang anumang pagsasanay sa karapatang pantao at unawain kung paano ito naaangkop sa ating trabaho.
- Kung may makita tayong isyu, isaalang-alang muna ang mga pangangailangan ng mga naapektuhan, habang nagsusumikap na lutasin ang anumang isyu ng patas at malinaw.
- Inaasahan nating rerespetuhin at paninindigan ng ating mga supplier ang mga karapatang pantao, kasama na ang hindi paglahok o pag-ambag sa modernong pang-aalipin *(modern slavery).*
- Sundin ang ating mga proseso para sa paghain ng reklamo.



## MGA DAPAT BANTAYAN

- Pag-iisip na ang mga karapatang pantao ay isyu lamang sa ibang bansa.
- Paggawa ng mga desisyon nang mabilisan o hindi nauunawaan ang epekto sa ibang tao.
- Hindi pagpansin o pagdudulog ng alalahanin tungkol sa mga potensyal na isyu dahil "hindi mo ito problema."
- Pag-iisip lamang sa pinansyal na aspeto (at hindi ang human cost) kapag nagdedesisyon ukol sa supplier.
- Hindi pagseseryoso sa reklamo dahil hindi natin sinubukang unawain ang isyu.

## MAGING MAUSISA. TANUNGIN ANG SARILI...

**PAGNILAYAN** — Paano naaapektuhan ng desisyon ko ang ibang tao?

**IUGNAY** — Ganito ba ang gusto kong pagtrato sa akin?

**PAG-ISIPAN** — Kahit na naniniwala akong tama ang ginagawa ko, maaaring bang iba ang pananaw o paningin ng ibang tao?

**Kailangan ng tulong?**

Humingi ng tulong sa *External Affairs and Social Performance team* o pumunta sa:

# MGA KATUTUBO

## Kinikilala natin ang ating papel sa pagrespeto at pagprotekta sa mga natatanging karapatan, interes, at koneksyon sa lupa at tubig ng mga Katutubo.

### BAKIT ITO MAHALAGA


Dahil puwedeng maapektuhan ng ating mga operasyon ang mga Katutubo, may responsibilidad tayong unawain at respetuhin ang kanilang mga pananaw at makipagtulungan sa kanila.

Ang mga Katutubong Tao o Komunidad ay natatanging mga pangkat panlipunan at kultural na mayroong ninunong koneksyon sa lupa at ang angkin nitong likas na yaman. Ang kanilang mga pagkakakilanlan, kultura, kabuhayan, pati na rin ang kanilang pisikal at espirituwal na kapakanan, ay hindi maihihiwalay sa mga lupa at likas na yamang ito. Kinikilala natin na ang mga karapatan ng mga Katutubo ay higit pa sa pisikal na koneksyon nila sa lupa at kinabibilangan din ng mga tradisyon, pamana, at relasyon.

### PAANO TAYO DAPAT UMASAL

- Gumawa ng mga hakbang upang unawain kung sino ang mga lokal na Katutubo, kilalanin na puwedeng higit pa sila sa isang grupo.
- Tiyakin kung paano nila gustong matawag at makasalamuha.
- Pag-aralang mabuti ang koneksyon ng mga Katutubo sa lupa, tubig, at likas na yaman, mga kultural na tradisyon at mga nakaugaling proseso ng pagdedesisyon.
- Maagang makipag-ugnayan sa mga Komunidad ng Katutubo na may layuning lumikha ng makabuluhan at magalang na dayalogo.
- Maging tapat sa ating pagkonsulta sa mga Komunidad ng Katutubo at magsikap na pakinggan ang lahat ng apektado.

PAGTATRABAHO KASAMA ANG IBANG TAO





Pinili nating gamitin ang katagang "Katutubo" o *"Indigenous Peoples"* dahil ito ang tanggap sa buong mundo kapag nagsasalita tungkol sa mga pangkat ng Katutubo bilang isang kolektibo. Pinapansin natin na ang wikang ito ay hindi naglalarawan sa natatanging pagkakakilanlan ng mga partikular na komunidad.

Kinikilala natin ang karapatang magpasya para sa sarili ng mga Katutubo – na malayang pumili ng kanilang estadong pulitikal at itaguyod ang kanilang pangkalakaran, panlipunan at kultural na pag-unlad – kasama na ang kanilang karapatang ipahayag kung paano sila dapat tawagin.

## MGA DAPAT BANTAYAN

- Pagkilos sa paraang iniisip na magalang o matulungin na hindi nauunawaan ang mga pananaw ng mga Katutubo.
- Pagdulot ng pinsala o pagkasira dahil sa hindi pakikinig o pagsali sa mga Komunidad ng Katutubo sa ating mga gawain.
- Hindi paghahanda ng husto sa mga tao bago sila makihalubilo sa mga Komunidad ng Katutubo.
- Pagpapaliban sa gawain hanggang sa huli at pagmamadali o pag-aapura sa mga Komunidad ng Katutubo.
- Pakikipag-usap lamang sa mga Katutubo kapag may kailangan tayo sa kanila.

## MAGING MAUSISA. TANUNGIN ANG SARILI...

**PAG-ISIPAN** — Sapat ba ang kaalaman ko tungkol sa mga lokal na Komunidad ng Katutubo? Alam ko ba kung paano sila gumagawa ng mga desisyon at ano ang mga gusto nila para sa hinaharap?

**PAGNILAYAN** — Alam ko ba ang magiging epekto ng aking gawain bago ito simulan? Maaari ba itong makadulot ng masama sa iba?

**ALAMIN** — Mayroon ba akong wastong pagsasanay upang makipag-ugnayan sa mga Katutubo at mga Komunidad?

### Kailangan ng tulong?

Humingi ng tulong sa *External Affairs and Social Performance Business Integrity team* o pumunta sa:

# ANG ATING MGA SUPPLIER


## Nakikipagtulungan tayo sa ating mga supplier upang mapatakbo ang negosyo na may integridad at pananagutan.

### BAKIT ITO MAHALAGA

Ang pakikisama sa mga supplier ay mahalaga para sa OceanaGold at mayroon tayong potensyal upang maimpluwensyahan ang kanilang mga desisyon sa pagnenegosyo. Ang pagpili ng mga supplier na nakikibahagi at rumerespeto sa ating mga pinahahalagahan ay nakababawas sa panganib ng pinsalang maaaring maidulot sa ibang tao at sa kapaligiran.

Ang pagkakaroon ng malinaw na mga inaasahan at pakikipagtulungan sa ating mga supplier upang gawin ang tamang bagay ay maaaring makabawas ng panganib sa atin at sa ating mga komunidad at makamit ang mas magandang mga resulta.

PAGTATRABAHO KASAMA ANG IBANG TAO



### PAANO TAYO DAPAT UMASAL

- Gumawa ng mga hakbang upang malaman kung sino ang ating mga *supplier* at kung ang mga pamantayan ng kanilang operasyon ay naaangkop sa sarili nating mga pamantayan.
- Isipin kung ano ang nagagawa ng ating mga *supplier* para sa atin, saan nila ito ginagawa at paano – habang isinasaalang-alang ang maaaring maidulot nitong panganib.
- Huwag gamitin ang ating posisyon para makinabang ang sarili o ang malalapit sa atin sa hindi angkop na paraan.
- Tulungan ang ating mga *supplier* na unawain ang ating mga inaasahan mula sa kanila, kabilang na ang ating *Supplier Code of Conduct.*
- Tiyakin na ang ating pagpili sa mga *supplier*, at pag-aasikaso ng bayad, ay patas, tapat, at dokumentado.
- Kung ang pagpili o pangangasiwa ng mga supplier ay bahagi ng ating trabaho, siguraduhin na alam natin ang ating *Supplier Code of Conduct.*
- Kapag pumipili ng mga *supplier*, sumunod sa anumang mga naaangkop na batas, kabilang na ang may kaugnayan sa mga trade sanction.
- Sikaping ibahagi ang kaalaman at magkasabay na linangin ang kakayahan.



## MGA DAPAT BANTAYAN

- Hindi pagpapaliwanag ng mga inaasahan mula sa mga *supplier,* na magdudulot ng pagkakamali sa parte nila sa ilalim ng ating pangangasiwa.
- Pagiging masyadong malapit sa isang *supplier* na nagtataas ng posibilidad ng pagkiling, sabwatan, korupsyon, o panloloko.
- Hindi pag-iisip sa posibleng mga panganib ng modernong pang-aalipin *(modern slavery)* sa ating supply chain, na maaaring mag-ambag sa paghihirap ng tao.
- Agad-agad na pagkilos at pagtakda ng isang hindi kwalipikadong *supplier* na maaaring lumabag sa ating *Code.*
- Hindi pagbabantay sa *invoicing* ng *supplier,* pagbabayad, at paggamit ng ating mga ari-arian, na dumadagdag pa lalo sa mga panganib sa atin, kabilang na ang panloloko.

## MAGING MAUSISA. TANUNGIN ANG SARILI...

**SURIIN**

Sapat ba ang kaalaman ko tungkol sa supplier na ito?

**PAG-ISIPAN**

Naglaan ba ako ng sapat na oras upang ipaliwanag ang ating mga inaasahan mula sa kanila?

**ALAMIN**

Alam ko ba kung ano ang ginagawa ng supplier na ito para sa atin at paano nila ito ginagawa?

**Kailangan ng tulong?**

Humingi ng tulong sa *Business Integrity* o *Group Procurement team* o pumunta sa:


# GOBYERNO AT LIPUNANG SIBIL

## BAKIT ITO MAHALAGA

Regular tayong nakikipag-ugnayan sa mga pamahalaan at lipunang sibil sa ating trabaho. Nakaaapekto sa ating negosyo, sa industriya, at sa mga komunidad kung saan tayo nagtatrabaho ang mga polisiya at regulasyon. Mahalaga na ang ating pakikipag-ugnayan sa mga pamahalaan ay tapat at nasa mataas na pamantayang etikal upang mapanatili ang tiwala sa OceanaGold.

Naniniwala tayo na ang mga organisasyon ng lipunang sibil *(civil society organisations)* ay may ginagampanang mahalagang papel sa pagsuporta at pagtaguyod ng responsableng pagsasagawa ng negosyo at pagpapabuti sa kalagayan ng tao at ng kalikasan.

PAGTATRABAHO KASAMA ANG IBANG TAO



## PAANO TAYO DAPAT UMASAL

- Respetuhin ang mga prosesong politikal – hindi natin pinapaboran ang anumang politikal na partido, grupo, o indibidwal.
- Sa pamamagitan ng mga awtorisadong tagapagsalita, makilahok sa diskusyon tungkol sa polisiya kasama ang pamahalaan at lipunang sibil at ibahagi kung paano maaaring makaapekto ang mga partikular na polisiya at batas sa ating negosyo.
- Huwag gumawa ng anumang bagay na maaaring, o maaaring magmukhang, makaaapekto na hindi angkop sa desisyon ng sinuman.
- Maging tapat sa lahat ng transaksyon sa gobyerno at panatilihing tama at nasa oras ang mga tala.
- Makipag-ugnayan sa iba pang miyembro ng lipunang sibil, kabilang na ang mga *NGO* at paaralan, kung kinakailangan.

Nakatuon tayo sa tunay na dayalogo at magalang na pakikipag-ugnayan sa mga pamahalaan at lipunang sibil. Nirerespeto natin ang mga prosesong politikal at nakikipag-ugnayan sa mga pamahalaan at mga regulator sa paraang tapat at etikal.



## MGA DAPAT BANTAYAN

- Hindi pagiging tapat tungkol sa ating mga dahilan para sa pagtataguyod ng pagbabago, na nagbibigay ng puwang para sa espekulasyon.
- Hindi pag-iisip kung ano ang mararamdaman ng ibang tao sa ating ginagawa.
- Pakikilahok sa mga prosesong politikal na hindi sinasadya at namamalayan.
- Hindi pag-iisip sa kapakanan ng lipunang sibil sa ating pakikipag-ugnayan sa pamahalaan.

## MAGING MAUSISA. TANUNGIN ANG SARILI...

**SURIIN**

Naiimpluwensiyahan ko ba na hindi angkop ang ibang tao base sa kung ano ang inaalok ko?

**PAGNILAYAN**

Ano ang hitsura nito? Maaari ba itong makita na isang pagtatangka na gumawa ng hindi angkop na impluwensiya sa iba?

**MANIGURADO**

Ako ba ay awtorisadong makipag-ugnayan sa gobyerno o mga *regulator?*

**Kailangan ng tulong?**

Humingi ng tulong sa *Legal team* o pumunta sa:

# PANLABAS NA PAKIKIPAG-USAP

Tapat at may respeto tayong nakikipag-usap tungkol sa ating mga gawain, operasyon, at kalagayan.

## BAKIT ITO MAHALAGA?

Namamahagi tayo ng tama, tapat, at *accessible* na impormasyon dahil pinahahalagahan at nirerespeto natin ang mga relasyon na mayroon tayo sa ating mga komunidad, empleyado, *financial market, supplier,* at *stakeholder.*

Ang impormasyon na ibinabahagi natin ay maaaring gamitin sa mga desisyon tungkol sa pag-invest, mga kontrata, trabaho, at dapat na ipahayag sa pamamagitan ng mga wastong daluyan *(channels)* at ng mga awtorisadong kinatawan.

## PAANO TAYO DAPAT UMASAL

- Kumuha ng kinakailangang pahintulot bago magkomento o magbahagi ng impormasyon (kasama na ang mga litrato at bidyo) tungkol sa OceanaGold o mga empleyado nito sa *social media.*
- Isangguni sa *Corporate Communications and Investor Relations* ang mga tanong ng media o mga *investor.*
- Ibahagi ang impormasyon o tugunan ang ating mga obligasyon sa pampublikong pagsisiwalat *(public disclosure)* sa pamamagitan ng mga aprubadong daluyan *(channels).*
- Humingi ng payo kung hindi siguradong pinahihintulutan ang gustong ibahaging impormasyon.
- Magdulog ng alalahanin kung may nakita o narinig tungkol sa hindi awtorisadong kinatawan na namamahagi ng mali o kompidensyal na impormasyon.

PAGTATRABAHO KASAMA ANG IBANG TAO





## MGA DAPAT BANTAYAN

- Aksidental na pamamahagi ng kompidensyal na impormasyon.
- Pag-uusap tungkol sa kompidensyal na impormasyon sa isang pampublikong lugar o pag-iiwan ng pisikal na dokumentong naglalaman ng ganitong klaseng impormasyon sa lugar kung saan maaari itong makita.
- Paglalahad ng kompidensyal na impormasyon sa *social media* o sa iba pang anyo ng *media.*
- Pamamahagi ng impormasyong hindi pa napatunayan o nasuri at naaprubahan ng awtorisadong kinatawan.

## MAGING MAUSISA. TANUNGIN ANG SARILI...

**PAG-ISIPAN** Dapat ba akong magsabi nito?

**TIYAKIN** Tama ba ito?

**MANIGURADO** Awtorisado ba akong ibahagi ito?

**Kailangan ng tulong?**

Humingi ng tulong sa *Corporate Communications team* o sa *Legal team* o pumunta sa:

# PAGTATRABAHO NA MAY INTEGRIDAD

**Ang pagtatrabaho na may integridad ay nangangahulugan ng paggawa ng tama, kahit na walang nakakakita. Ibig sabihin din nito ay ginagawa natin ang mga bagay na ipinapangako natin.**

Mas gugustuhin nating mawala ang isang oportunidad kaysa sa makompromiso ang ating integridad. Sa pagtatrabaho na may integridad, nakakabuo tayo ng tiwala.

Ginagabayan tayo ng ating *Code* sa paggawa ng tama. Siyempre, kailangan tayong sumunod sa mga batas ng ating mga *host country* at kaugnay na pandaigdigang batas – madalas ang ating mga pamantayan sa OceanaGold ay mas mataas pa kaysa sa batas.

Kinikilala rin natin na ang pamamahala sa mga di-etikal na kahilingan ay maaring magdulot ng matinding *pressure* sa mga indibidwal, lalo na sa mga importanteng prosesong pangnegosyo, at patuloy nating sinusuportahan ang ating mga kasamahan sa pangangasiwa ng ganitong mga sitwasyon.





Ang pagtatrabaho na may integridad ay nangangahulugang sumusunod tayo sa ating mga polisiya at pamantayan. Humihingi tayo ng pahintulot kung kinakailangan. Nagtatanong tayo kung hindi sigurado kung ano ang gagawin.

## Sa seksyong ito, makakakita ka ng impormasyon tungkol sa:

- Korupsyon at Panlilinlang
- Pagbibigay at Pagtanggap
- Naglalabang interes *(Conflicts of Interest)*
- Patas na Laban *(Fair Competition)*
- Pribado at Personal na Impormasyon
- Ating mga Pagmamay-ari
- Impormasyon mula sa loob *(Insider Information)*


# KORUPSYON AT PAGLILINLANG

## BAKIT MAHALAGA ITO?

Ang panunuhol, korupsyon, at panloloko ay maaaring magdulot ng malaking pinsala sa OceanaGold at sa mga komunidad kung saan tayo nagtatrabaho. Pinapalala ng mga ito ang kahirapan at hindi pagkakapantay-pantay (inequality), hinahadlangan ang pag-unlad, pinahihina ang mga sistema ng hukuman at pulitika, at pinahihina ang masiglang kumpetisyon. Ang integridad at pananagutan ang sentro ng ating Layunin at Mga Pagpapahalaga (Values). Sinisikap nating maging mabuting halimbawa sa ating mga komunidad.

Ang panunuhol ay nangyayari kapag may isang taong nagbibigay, nag-aalok, o humihingi ng bagay na may halaga upang makalamang na hindi karapat-dapat. Ang panloloko ay ang paglilinlang ng kapwa upang makalamang o magdulot ng pagkalugi sa iba. Ang korupsyon ay ang pag-abuso ng posisyon para sa sariling kapakanan.

PAGTATRABAHO NA MAY INTEGRIDAD



## PAANO TAYO DAPAT UMASAL

- Huwag palampasin ang panunuhol at korupsyon — kabilang na rito ang panunuhol sa mga opisyal ng gobyerno, mga *kickback*, at mga patagong komisyon.
- Ingatang huwag gumawa ng anumang bagay na maaaring, o magmukhang maaaring, magkompromiso sa ating pagpapasya.
- Magbigay ng trabaho ng patas, tapat, at batay sa mga lehitimong proseso.
- Agad na iulat ang anumang bagay na tingin natin ay maaaring maging suhol, korupsyon, o panloloko, kabilang na ang mga tangkang panunuhol at panloloko.
- Itabi ang mga tala at kunin ang mga resibo para sa lahat ng ating lehitimong bayarin.



## Nais nating makapag-ambag at magtagumpay ng patas at tapat. Hindi tayo nagbibigay, tumatanggap, humihingi, nag-aalok o nag-o-awtorisa ng anumang bagay na maaaring makaapekto sa desisyon ng mga kinauukulan.

### MGA DAPAT BANTAYAN

- Hindi kailangang pera ang lahat ng mga suhol; kabilang na rito ang anumang bagay na may halaga. Sa iilang kaso, ito ay maaaring maging mga pabor, regalo, libangan, *travel*, o donasyon.
- Hindi dahilan ang “lokal na kaugalian” para manuhol – ang bawat suhol ay nakakasakit sa iba.
- Ang mga maliliit na suhol ay suhol pa rin – kahit ang mga *facilitation payments* (gaya ng pagbabayad sa isang opisyal ng gobyerno upang hindi opisyal na pabilisin ang isang proseso para sa iyo).
- Pagtatanong o pagmumungkahi na may ibang tao ang gumawa ng gawain – kung ang isang *supplier* ay nanuhol alang-alang sa kapakanan ng lahat, mali pa rin ito.
- Pag-*claim* ng mga hindi totoong ginastos, oras ng pagtrabaho, o trabahong nagawa.

### MAGING MAUSISA. TANUNGIN ANG SARILI...

**PAGNILAYAN**

Ano ang hitsura nito? Maaari ba itong makita na isang pagtatangka na gumawa ng hindi angkop na impluwensiya sa iba?

**SURIIN**

Alam ko ba kung ano ang ginagawa ng mga *supplier* sa ilalim ng ating pangangasiwa?

**KLARUHIN**

Alam ko ba kung ano ang sinisingil sa akin o bakit? Kung nag-aalinlangan, humingi ng payo mula sa *Business Integrity* o *Group Legal* bago kumilos.

**Kailangan ng tulong?**

Humingi ng tulong sa *Business Integrity team* o *Group Legal team* o pumunta sa:

# PAGBIBIGAY AT PAGTANGGAP

Nakatutulong tayo at nakabubuo ng mga relasyon sa pamamagitan ng paggalang at pagiging tapat sa isa't isa. Ang pagbibigay at pagtanggap ay hindi dapat maka-impluwensiya sa mga desisyon natin o ng iba.

## BAKIT MAHALAGA ITO?

Ang mga sponsorships at donasyon ay maaaring suportahan at palakasin ang ating mga lokal na komunidad. Ang ibang pagbibigay at pagtanggap tulad ng mga regalo, entertainment o kagandahang-loob *(hospitality)* ay maaari rin namang magkaroon ng wastong benepisyo sa negosyo.

Kumikilos tayo na may integridad kaya hindi dapat natin hayaang maka-impluwensiya ang pagbibigay o pagtanggap ng mga regalo, *entertainment* at kagandahang-loob *(hospitality)*, o mga sponsorships at donasyon sa ating mga desisyon o pag-uugali.

PAGTATRABAHO NA MAY INTEGRIDAD



## PAANO TAYO DAPAT UMASAL

- Magbigay o tumanggap lamang ng mga regalo, libangan *(entertainment)* o kagandahang-loob *(hospitality)* na rasonable sa mga pangyayari at hindi layunin na maimpluwensiyahan ang mga desisyon o pag-uugali sa negosyo.
- Siguruhin na ang anumang mga *sponsorships* o donasyon ay tumutugma sa ating mga kinakailangan.
- Huwag magbigay o tumanggap ng anumang bagay na maaaring maglagay ng duda sa ating integridad.
- Kumuha ng kinakailangang mga pahintulot at magtago ng tamang tala *(record)* ng lahat ng mga regalo, libangan *(entertainment)*, kagandahang-loob *(hospitality)*, sponsorship at donasyon.
- Bukas at tapat na lumahok sa anumang proseso ng *monitoring* o *review.*



## MGA DAPAT BANTAYAN

- Hindi malinaw na pagpapaliwanag kung ano ang maaaring ibigay o tanggapin, na nagbibigay ng pagkakataon na samantalahin ng iba.
- Hindi pag-iisip kung paano ito maaaring makita.
- Hindi paglilinaw kung bakit tayo nagbibigay ng *sponsorship* o donasyon.
- Hindi pag-alam kung sino ang makakabenepisyo sa *sponsorship* o donasyon.

## MAGING MAUSISA. TANUNGIN ANG SARILI...

**ISIPIN** — Kasabay ba ito sa mga negosasyon o desisyon?

**SURIIN** — Sino ang kasali at ano ang ipinapanukala? Ang taong tumatanggap ba ay nasa posisyon ng impluwensya, *access* o pagpapasya?

**PATUNAYAN** — Tumutugma ba ang *sponsorship* o donasyon sa ating mga kinakailangan at sumusuporta ba ito sa *sustainable development?* Naitala ba ito?

### Kailangan ng tulong?

Tanungin ang *Business Integrity team* o pumunta sa:

# MGA NAGLALABANG INTERES *(CONFLICTS OF INTEREST)*

Pinapangalagaan natin na ang ating mga desisyon ay hindi naiimpluwensiyahan ng mga interes na maaaring salungat sa OceanaGold.

## BAKIT MAHALAGA ITO?

Araw-araw, nagtatrabaho tayo para mapaunlad ang tiwala sa ating mga manggagawa, suppliers, komunidad at mga namumuhunan. Maaaring masira ang tiwalang ito kung parang nababago ng personal na interes ang ating pagpapasya. Ang pagpapaalam at pag-aasikaso sa *conflicts of interest* ay nagpoprotekta sa atin bilang indibidwal at sa OceanaGold.

Hindi lahat ng *conflicts of interest* ay problema, ngunit kailangan natin ng katapatan tungkol dito upang masuri at maalagaan ito.

PAGTATRABAHO NA MAY INTEGRIDAD



## PAANO TAYO DAPAT UMASAL

- Huwag gamitin ang ating posisyon upang hindi patas na makinabang tayo o mga malalapit sa atin.
- Isipin kung salungat ang ating interes (o parang nagkakasalungat) sa interes ng OceanaGold.
- Humingi ng payo kung hindi sigurado.
- Ipaalam ang anumang potensyal o aktuwal na salungatan sa lalong madaling panahon na nalaman natin ito.
- *Transparent* at patas na pamahalaan ang anumang salungatan ng interes at sa pinakamabuting interes ng OceanaGold.
- Kung hindi maaring iwasan ang isang salungatan ng interes, ito'y ipaalam para maaari itong mapamahalaan.



## MGA DAPAT BANTAYAN

- Ang pagtanggap ng labis na mga benepisyo ay maaaring magdulot ng pagkakautang sa nagbigay.
- Ang mga personal na relasyon o relasyon sa mga *supplier* o kakumpetensya na maaaring magdulot ng alinlangan  sa pagitan ng interes ng OceanaGold at interes ng *supplier* o kakumpetensya.
- Pagkuha, pag*promote* o pangangasiwa sa isang kamag-anak o sa isang taong mayroong relasyon sa iyo.
- Hindi paghahayag ng mga *investment* o pagiging *director* sa isang *supplier* o kakumpetensya.

## MAGING MAUSISA. TANUNGIN ANG SARILI...

**MAGNILAY** — Salungat ba ito sa aking mga responsibilidad sa OceanaGold?

**MAGSURI** — Maaapektuhan ba nito ang aking kakayahan na magbigay ng patas at obhektibong desisyon?

**PAG-ISIPAN** — Kahit na sigurado ako na magiging obhektibo ako, maaari bang maging iba ang pananaw ng iba rito?

**Kailangan ng tulong?**

Tanungin ang *Business Integrity team* o *Group Legal team* o pumunta sa:

# PATAS NA KOMPETISYON (FAIR COMPETITION)

Lumalaban tayo ng patas at nagtatagumpay sa pamamagitan ng merito *(merit).*

## BAKIT MAHALAGA ITO?

Ang malaya at patas na kompetisyon ay nakabubuti sa atin at sa lipunan. Ito ay nagbibigay sa atin ng mas malawak na pagpipilian at maaaring magdulot ng inobasyon.

Ang hindi patas na kompetisyon ay maaaring magkaroon ng maraming anyo. Kasama sa lawak nito ay ang anumang aksyong ginagawa natin upang mahirapan ang ibang mga kumpanya na lumaban sa merkado. Ito ay nakasisira sa mga merkado, nakasasakit ng mga tao at nakasisira ng tiwala. Ang pagbabahagi ng kompidensyal na impormasyon tungkol sa OceanaGold ay maaari ring maging hindi patas na kompetisyon. Ang paglabag sa batas ng kompetisyon ay maaari ring magdulot ng mga malalim na kahihinatnan sa mga indibidwal at sa OceanaGold, kabilang na ang mga multa at pagkakakulong.

PAGTATRABAHO NA MAY INTEGRIDAD



## PAANO TAYO DAPAT UMASAL

- Makatarungang magtrabaho, at huwag gumamit ng impormasyon, kapangyarihan, o impluwensya sa hindi wastong paraan.
- Huwag magmanipula, magtago o magsinungaling.
- Isipin ang mga panganib ng makatarungang kompetisyon sa pagtatrabaho sa (mga potensyal) kakumpetensya, *regulators,* at **suppliers.**
- Isipin kung ang impormasyon na ginagamit natin ay kompidensyal. Suriin kung *publicly available* ang impormasyon bago ibahagi ito sa labas ng OceanaGold.
- Etikal na kumuha ng impormasyon sa mga kakumpetensya at iba pang *stakeholders.*

## MGA DAPAT BANTAYAN

- Pagbabahagi ng impormasyon nang hindi nag-iisip tungkol sa pagiging kompidensyal nito.
- Pagiging malapit sa mga business partner at pagkalimot ng mga hangganan sa pagbabahagi ng kaalaman.
- Pag-iisip na ang ibinabahagi natin ay karaniwang kaalaman samantalang ito ay kompidensyal na impormasyon.
- Hindi pagtatakda ng malinaw na hangganan tungkol sa  impormasyon na maaring ibahagi at hindi.
- Hindi pagpapaalam kapag may sinasabi sa atin ang isang tao na hindi dapat nila ibahagi.

## MAGING MAUSISA. TANUNGIN ANG SARILI...

**MAG-ISIP** — Paano maaaring tingnan ito ng iba?

**MAGNILAY** — Nag-o-*overshare* ba ako?

**SIGURUHIN** — *Available* ba ito sa ibang lugar maliban sa OceanaGold?

### Kailangan ng tulong?

Tanungin ang *Legal team* o pumunta sa

# PRIBADO AT PERSONAL NA IMPORMASYON

Responsable at legal tayong nangongolekta, gumagamit, nagtatago, at namimigay ng personal na impormasyon.


## BAKIT MAHALAGA ITO?

Ang impormasyon na ginagamit natin sa ating trabaho ay maaaring maglaman ng personal na impormasyon tungkol sa mga indibidwal at sensitibong personal na impormasyon (tulad ng mga *medical records*). Ang mga tao ay nagtitiwala sa atin na panatilihin itong ligtas.

Ang ‘di-wastong paghahayag o paggamit ng anumang personal na impormasyon ay maaaring magkompromiso ng *privacy* at seguridad ng mga indibidwal. Ang isang *cybersecurity breach* ay maaari ring magkompromiso sa kompidensyal na personal na impormasyon na hawak natin.

Ang hindi awtorisadong paghahayag ng personal na impormasyon ay maaaring magdulot ng paglabag sa legal na obligasyon ng OceanaGold.

PAGTATRABAHO NA MAY INTEGRIDAD



## PAANO TAYO DAPAT UMASAL

- Kunin lamang ang kinakailangang personal na impormasyon para sa mga layunin ng negosyo.
- Gamitin lamang ang personal na impormasyon para sa mga wastong rason at limitahan ang *access* nito sa mga taong kailangan ito para sa kanilang trabaho.
- Ligtas na itago ang mga *physical* at *electronic* na kopya.
- Huwag itago ng matagal ang personal na impormasyon at siguruhin na ligtas itong burahin.
- Gawin ang *cybersecurity training* at magbantay at mag-ulat ng mga kahina-hinalang *email.*
- Sundin ang ating mga proseso at mga lokal na batas sa *privacy* at *data protection.*
- Iulat agad ang mga potensyal na *data breaches* sa *Privacy Officer.*



## MGA DAPAT BANTAYAN

- Paghiling ng mas maraming personal na impormasyon kaysa kailangan “kung sakaling kailanganin.”
- Pagkuha ng sensitibong impormasyon ng walang sapat na pahintulot.
- Hayaang pakalat-kalat sa paligid ang mga dokumentong mayroong personal na impormasyon.
- Pag-uusap tungkol sa personal na impormasyon ng isang tao (hal. *medical record* o tirahan) sa isang *shared space* o pampublikong lugar na maaaring marinig ng iba.
- Pagbabahagi ng ating *login details* sa OceanaGold sa ibang tao.
- Pag-iwan ng ating *computer* na bukas kapag lumalayo mula rito.

## MAGING MAUSISA. TANUNGIN ANG SARILI...

**MAGTANONG**

Kailangan ba nating kunin ang personal na impormasyong ito?

**SURIIN**

Kailangan ba ng taong ito ang impormasyon na ibabahagi ko sa kanila?

**UGNAY**

Gusto ko bang marinig na ibinabahagi ang aking personal na impormasyon sa ganitong paraan?

**Kailangan ng tulong?**

Tanungin ang *Legal team* o pumunta sa: Para sa tanong tungkol sa *cybersecurity* tanungin ang:

# ANG MGA ARI-ARIAN NATIN

Pinoprotektahan natin at pinapahalagahan ang mga ari-arian ng OceanaGold at ginagamit lamang natin ito para sa tamang layunin sa negosyo.

## BAKIT MAHALAGA ITO?

Ang mga ari-arian natin ay kinabibilangan ng mga pisikal na bagay – tulad ng mga *mining fleet*, kagamitang pang-IT, pasilidad. Ang ating mga ari-arian ay kinabibilangan din ng hindi pisikal na mga *item* tulad ng impormasyon tungkol sa OceanaGold na kompidensyal at hindi pampubliko tulad ng komersyal at pinansyal na impormasyon, *intellectual property*, impormasyon tungkol sa iba't ibang partido at resulta ng pagsaliksik.

Ang pagpoprotekta at paggamit ng ating mga ari-arian para lamang sa kanilang layunin ay nakatutulong sa atin na magtrabaho ng mas mabuti at panatilihin ang tiwala ng ating mga kasamahan at *stakeholders.*

PAGTATRABAHO NA MAY INTEGRIDAD



## PAANO TAYO DAPAT UMASAL

- Responsableng gamitin ang mga ari-arian ng OceanaGold sa ating trabaho at para lamang sa kanilang layunin.
- Panatilihin ang kumpleto at tumpak na mga tala na nauugnay sa lahat ng mga assets ng OceanaGold.
- Panatilihin ang impormasyon tungkol sa negosyo ng OceanaGold na kompidensyal at ligtas.
- Kung pinapahintulutan at mayroong tamang proteksyon mag-ingat sa pagbabahagi ng impormasyon sa isang *third party*.
- Sundin ang mga polisiya at proseso ng OceanaGold kapag lumilikha, namamahala o nagsisira ng mga *record* (hal. *emails, internal memos*, iba pang mga *report*).

## MGA DAPAT BANTAYAN

- Pag-*claim* ng mga hindi totoong ginastos, oras ng pagtrabaho, o trabahong nagawa.
- Pagkuha o pag-abuso ng mga ari-arian kasama ang pera, kagamitan, suplay o iba pang ari-arian.
- Hindi pagsusuri kung kompidensyal ang impormasyon bago ibahagi ito.
- Pag-uusap tungkol sa kompidensyal na impormasyon sa mga pampublikong lugar na maaaring marinig ng iba.
- Pagbabahagi ng ating mga *password* o *access* sa *security* sa ibang tao.
- Pag-access, pag-*download* o pagbabahagi ng hindi awtorisadong *software* o hindi angkop na nilalaman.

## MAGING MAUSISA. TANUNGIN ANG SARILI...

**IUGNAY** — Gusto ko bang gamitin ang aking personal na ari-arian sa ganitong paraan?

**MAG-ISIP** — Kahit naniniwala ako na ginagawa ko ang tama, maaari bang iba ang pananaw ng iba?

**SURIIN** — *Available* ba ang impormasyong ito sa labas ng OceanaGold?

**ISAALANG-ALANG** — Nag-o-*overshare* ba ako?

**Kailangan ng tulong?**

Tanungin ang *Legal team* o pumunta sa:

# PANLOOB NA IMPORMASYON (INSIDER INFORMATION)

## BAKIT MAHALAGA ITO?

Sa ating trabaho, maaaring may access tayo sa panloob na impormasyon *(insider information)* – na kompidensyal na impormasyon na maaaring inaasahan na magkakaroon ng malaking epekto sa ating presyo ng shares, halaga ng ating negosyo, o halaga o presyo ng shares ng ating mga kasosyo sa negosyo.

Hindi masama ang may alam na panloob na impormasyon *(insider information)* ngunit ilegal na ibahagi ito, gamitin para sa sarili o hikayatin ang iba na gamitin ito upang bumili, magbenta o mag-transaksyon sa *securities.* Ito ay tinatawag na *"insider trading* o *tipping".*

Upang mapanatili ang ating integridad at ang tiwala sa atin, dapat nating protektahan at pahalagahan ang impormasyon ng kumpanya at impormasyon na nakalap tungkol sa ating mga kasosyo.

PAGTATRABAHO NA MAY INTEGRIDAD



## PAANO TAYO DAPAT UMASAL

- Panatilihing kompidensyal ang anumang panloob na impormasyon *(insider information).*
- Huwag kailanman gamitin o magpakalat ng panloob na impormasyon *(insider information)* tungkol sa OceanaGold o mga kasosyo sa negosyo para sa personal na kapakinabangan o upang tulungan ang iba.
- Huwag makipagpalitan ng securities ng OceanaGold o mga kasosyo sa negosyo kapag mayroon tayong panloob na impormasyon *(insider information).*
- Sundin ang mga blackout period kung saan hindi posibleng makipagpalitan ng *securities* ng OceanaGold.
- Kung hindi sigurado, humingi ng payo sa ating *legal team.*

Responsableng pinapangasiwaan natin ang panloob na impormasyon *(insider information)* at hindi sumasali sa insider trading. Hindi natin ginagamit ang kompidensyal o panloob na impormasyon *(insider information)* para sa sariling personal na kapakinabangan natin o sa iba.

## MGA DAPAT BANTAYAN

- Hindi pag-iingat bago gamitin ang kompidensyal na impormasyon.
- Hindi pagsusuri kung nasa publiko ang impormasyon na mayroon tayo bago gamitin ito.
- Pag-uusap tungkol sa impormasyon na nakalap sa trabaho sa ating pamilya o kaibigan.
- Pagbibigay ng mga rekomendasyon sa ating pamilya o kaibigan tungkol sa pagbili o pagbebenta ng securities ng OceanaGold o securities ng isang kasosyo sa negosyo.

## PAGWAWAKSI

Ang bawat myembro ng Lupon ng mga Direktor(kung ang paglabag ay ginawa ng isang direktor o isang ehekutibong opisyal), ang Pangulo at CEO kasama na ang EVP, General Counsel at Sekretarya ng Kumpanya(kung ang paglabag ay ginawa ng ibang tao), ay maaaring mag-urong ng paglabag sa Code na ito, ayon sa kanilang sariling pagpapasya. Ang anumang pagwawaksi para sa isang director o sa isang ehekutibong opisyal, ay kinakailangang maipahayag alinsunod sa mga patakaran ng SEC at ng NYSE.

## MAGING MAUSISA. TANUNGIN ANG SARILI...

**ISIPIN**

Makukuha ba sa labas ng OceanaGold ang impormasyong ito?

**SURIIN**

Nag-o-*overshare* ba ako? Nakapagsuri na ba ako ng patakaran ng OceanaGold sa pagkikipagpalitan ng *securities?*

**TIYAKIN**

Ginawa ko ba ang lahat ng maaaring gawin upang panatilihing kompidensyal ang impormasyon ng OceanaGold ?

**Kailangan ng tulong?**

Tanungin ang *Legal team* o pumunta sa:



OCEANAGOLD

ourcode.oceanagold.com